

SCHENGEN PASS

Insurance para sa Schengen Visa
na may saklaw na di bababa sa 30,000 EUR

Saklaw ang Covid-19

Saklaw ang Europa, Schengen zone, UK
Pati ang Monaco, Liechtenstein, Andorra, San Marino, Vatican City

Bumili online
at makatanggap ng katibayan kaagad

Panahon ng Pagkasaklaw	Plano 1	Plano 2	Plano 3
1 hanggang 7 araw (1 linggo)	15 USD	25 USD	30 USD
8 hanggang 14 araw (2 linggo)	35 USD	40 USD	50 USD
15 hanggang 21 araw (3 linggo)	39 USD	45 USD	60 USD
22 hanggang 30 araw (1 buwan)	45 USD	55 USD	65 USD
31 hanggang 60 araw (2 buwan)	65 USD	70 USD	100 USD
61 hanggang 90 araw (3 buwan)	85 USD	110 USD	140 USD
91 hanggang 120 araw (4 buwan)	125 USD	170 USD	210 USD
121 hanggang 150 araw (5 buwan)	200 USD	240 USD	315 USD
151 hanggang 180 araw (6 buwan)	250 USD	300 USD	360 USD

MGA BENEFISYO (EUR)	Plano 1	Plano 2	Plano 3
I. MGA GASTUSING MEDIKAL AT TULONG KAPAG MAY PANGYAYARING KAILAN-GAN NG AGARANG TULONG: Saklaw ang gastos para sa medikal na gamutan na dahil sa karamdaman o aksidente para sa Inpatient o pasyenteng kailangang maglagi sa ospital o Outpatient o pasyenteng di na kakailanganing magpa-confine sa ospital.	30,000 EUR	60,000 EUR	100,000 EUR
Gastusing Medikal: Bayad sa pagpapa-ospital, operasyon, ambulansya at mga pag-eksamin na hanggang 240 EUR kada raw para sa kwarto sa ospital at iba pa.	Hangganan sa limitasyon	Hangganan sa limitasyon	Hangganan sa limitasyon
Follow-up na Gamutan: Gastusing medikal na natamo matapos ma-discharge mula sa ospital sa loob ng 90 araw matapos ang pagbabalik sa bansang pinagmulan.		3,000 EUR	5,000 EUR
Agarang Paglikas: Agarang paglikas patungo sa pinakamalapit na pasilidad na may kakayahang mag-abot ng sapat na medikal na pangangalaga.	Hangganan sa limitasyon	Hangganan sa limitasyon	Hangganan sa limitasyon
Pagpapauwi: Pagpapauwi sa bansang pinagmulan kung kinakailangan ayon sa kompanya at doktor.	Hangganan sa limitasyon	Hangganan sa limitasyon	Hangganan sa limitasyon
Paglalaan ng Pera Para sa Pagpapa-ospital: 40 EUR para sa isang buong araw na pagka-ospital ng higit sa 24 oras ng taong Insured na resulta ng saklaw na karamdaman.			600 EUR
Karagdagang Gastos para sa Paglalakbay at Tirahan: Karagdagang gastos ng taong insured sa pagbabalik sa bansang pinagmulan at karagdagang gastos para sa tirahang nakuha ng taong insured o agarang pamilya o kasama sa paglalakbay kapag ang gastos ay mula sa pagpapapa-ospital dahil sa sakop na kapansanan na nangangailangan ng medikal na pagpapagamot ng taong insured.		500 EUR	800 EUR
Pagbisita ng Miyembro ng Pamilya: Gastusin sa paglalakbay ng isang miyembro ng agarang pamilya para samahan ang taong insured na naka-confine sa ospital ng higit sa 5 araw o namatay sa ibang bansa.		500 EUR	800 EUR
Pagbalik ng mga Bata: Makatwirang karagdagang tirahan at gastos sa paglalakbay para sa mga insured na bata na hindi na kakailanganin ng taga-bantay (may edad 16 pababa) sa pagbalik sa bansang pinagmulan.		500 EUR	800 EUR
Mga Labi ng Yumao: Kabayaran sa transportasyon para sa pagpapauwi ng mga labi ng yumao sa bansang pinagmulan.	1,800 EUR	1,800 EUR	1,800 EUR
II. PERSONAL NA AKSIDENTE: Pagkamatay o permanenteng kapansanan dahil sa aksidente kasama ang pagkawala ng isa o higit pang paa o pagkabalug ng isa o dalawang mata. Ang limitasyon ng saklaw para sa mga batang may edad 18 pababa ay 1,000 EUR.		1,000 EUR	3,000 EUR
III. SAKLAW NG MGA INSIDENTE: Sinasaklaw ang mga insidente habang nasa paglalakbay.			
Epektong Personal at Epekto sa mga Bagahe: Pagkawala o pagkasira dahil sa aksidente, paganakaw, panloloob o maling pag-asikaso ng mga bagahe o mga personal na gamit ng taong insured. Ang limitasyon ay 200 EUR kada gamit at 300 EUR kada pares o grupo. Ang pagkawala ng laptop ay may limitasyon na 300 EUR.		300 EUR	700 EUR
Pagkaantala ng Bagahe: Biglaang pagbili ng mga importanteng bagay gaya ng mga gamit panligo at mga damit na hindi hihigit sa 53 EUR kada damit kapag nasuri na naantala ang pagdating ng mga bagahe ng anim na oras mula sa oras ng pagdating sa napiling bansa sa loob ng saklaw na lugar.		100 EUR	300 EUR
Pagkawala ng mga Dokumentong Paglalakbay: Mga gastusin para sa pagpapapalit ng pasaporte, tiket sa eroplano, gastusin sa paglalakbay at tirahan na kung ang mga ito ay dahil sa paganakaw, panloloob at aksidenteng pagkawala. Ang limitasyon kada araw para sa gastusin sa paglalakbay at tirahan ay 120 EUR para sa Plano 2 at 160 EUR para sa Plano 3.		300 EUR	500 EUR
Personal na Pera: Pagkawala ng pera, tseke at travelers check dahil sa paganakaw o panloloob.		100 EUR	200 EUR
Perang Panggastos Dahil sa Pagkaantala ng Paglalakbay: Kapag ang taong insured ay hindi na kakailanganing magbayad ng gastos sa paglalakbay sa araw ng pagkaantala, ang taong insured ay mababayaran ng danyos na nagkakahalagang 20 EUR kada buong 6 na oras ng pagkaantala.			100 EUR
Singil sa Pagbabawas o Pag-cancel ng Paglalakbay: Pagsasauli sa mga binayad para sa mga di na mababawing deposito sa mga pag-aayos ng paglalakbay o pagtaas ng singil sa paglalakbay ng dahil sa pagkamatay, seryosong pinsala o karamdaman ng taong insured, miyembro ng agarang pamilya, malapit na business partner o kasama sa paglalakbay ng taong insured; pagpapatawag sa saksi, serbisyong pang-hukuman; natural na sakuna sa planong destinasyon o kumpletong pagkawasak ng pangunahing tirahan ng taong insured.			2,000 EUR
Personal na Pananagutan: Bayad-pinsala laban sa legal na pananagutan sa ikatlong partido na resulta ng aksidenteng pinsala o pagkawala o pinsala sa ari-arian habang nasa panahon ng insurance. (Ang benepisyo ng ito ay hindi nalalapat sa paggamit o pag-upa ng mga de-motor na sasakyan).		1,000 EUR	3,000 EUR
Saklaw sa Sobrang Bayad Para sa Uphang Sasakyan: Pagsasauli ng nagugol ng taong insured para sa sobrang bayad dahil sa aksidenteng pagkawala o pagkasira ng uphang sasakyan.			250 EUR

Mga Tuntunin at Kundisyon:

- Ang pinakamaagang petsa ng simula ng polisiya ay ang mismong araw ng pagbili, hindi bago ang pagbili.
- Ang pinakamatagal na panahon ng insurance para sa polisiyag ito ay 180 na magkakasunod na araw.
- Ang mga aplikante ay dapat may edad na 4 na linggo hanggang 75 taong gulang.
- Ang mga batang may edad 7 pababa ay dapat na may kasamang matanda na insured ng parehong polisiya.
- Ang kabuuan ng insurance para sa personal na aksidente ng mga batang may edad 18 pababa ay hindi lalampas ng 1,000 EUR.
- Ang mga may-ari ng polisiya ay dapat magpasa ng kahilingan sa loob ng anim na buwan matapos ang araw ng paghiling.
- Walang direktang pagsingil ng gastusing medikal maliban kung ang kasunduan ay inayos ng Insurer o ng itinalagang tulong ng kompanya.
- Ang polisiyag ito ay hindi saklaw ang mga dati nang kondisyon, pangkalahatang pagbubukod o pagbubukod ng gastusing medikal gaya ng nakasaad sa Policy Wording.
- Ang mga lugar na sakop ng Luma Schengen Pass ay tumutukoy sa mga bansang kaparat-dapat sa saklaw na nakasaad sa Certificate of Insurance. Ikaw ay masasaklaw habang ikaw ay nasa panahon ng iyong insurance policy para sa pampurok o maramihang paglalakbay sa loob ng mga bansang sakop ng mga lugar na saklaw.
- Ang polisiyag ito ay mabisa lamang para sa kasiyahan paglalakbay o biyaheng pang-negosyo (limitado sa pampamahalaan o hindi manu-manong trabaho lamang) at HINDI saklaw ang biyahe papuntang bansa na sakop ng mga lugar na saklaw upang magpagamot.
- Kung sakaling ang bansang pinagmulan ng taong insured ay isa sa mga bansang kasali sa mga lugar na saklaw, ang polisiyag ito ay HINDI sakop ang mga kawalan o gastusing nagmumula sa bansang pinagmulan ng taong insured.
- Kung sakaling ang taong insured ay nais kumuha ng isa pang polisiya matapos mawalan ng bisa ang naunang polisiya, walang magiging agwat ang saklaw at ang kabuuang tagal ng saklaw ng lahat ng polisiya kapag pinagsama-sama ay dapat hindi lalampas ng 180 araw. Ang mga may hawak ng polisiya na aabot sa 76 taong gulang sa panahon ng polisiya ay hindi na maari pang makakuha ng bagong polisiya. Anumang mga pangyayari o kundisyon na nangyari bago ang unang araw ng bagong polisiya ay maituturing na dati nang umiiral at ang taong insured ay hindi na maaaring kuhain ang anumang mga kundisyon ito sa ilalim ng bagong polisiya. Kapag ang taong insured ay kasalukuyang ginagamot o nasa ilalim ng pangangasiwa ng isang doktor, ang taong insured ay hindi maaring kumuha ng karagdagang polisiya.